GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

WorkCoverWA

# Mga Paghahabol na Silicosis sa Industriya ng Engineered Stone Benchtop



Ang kabayaran sa mga manggagawa ay kabayarang pinansyal na ibinibigay sa mga manggagawang napinsala o nagkasakit bilang resulta ng kanilang pagtatrabaho. Posibleng kasama rito ang kabayaran na saklaw ang mga nawalang kita, permanenteng kapansanan, mga pagpagamot na gastusin, at rehabilitasyon sa lugar ng trabaho para tulungan silang makabalik sa trabaho.

Napag-alaman sa pananaliksik sa Australia at ibang bansa na ang mga manggagawa sa industriya ng engineered stone benchtop ay posibleng nalantad sa mga antas ng masisinghot na crystalline silica na mapanganib sa kanilang kalusugan. Posibleng nalantad ang mga manggagawa sa alikabok na silica habang ginagawa ang pag-dry cut, pag-grind, pag-sand at pag-polish ng mga stone bench top at sa proseso ng pag-install.

Ang silicosis, isang uri ng pneumoconiosis, ay isang sakit sa baga na dulot ng pagkakasinghot ng alikabok na crystalline silica na mayroong mga butil na sapat ang kaliitan para makapasok sa malalim na tissue ng baga.

Para makakuha ng kabayaran, kabilang ang isang bigay (one off) na malaking bayad (lump sum), mga gastusin sa pagpapagamot at kalusugan at, kung naaangkop, mga pagbabayad bilang kabayaran sa kita, aatasan ng isang manggagawa ang independiyenteng Dust Disease Medical Panel (DDMP) na gumawa ng pinal at may bisang pagpapasya sa iba't ibang mga tanong. Kabilang dito ang diyagnosis na silicosis na nauugnay sa trabaho, ang haba ng panahon ng kawalan ng kakayahang magtrabaho ng isang manggagawa, at ang antas ng kanilang kapansanan.

Binabalangkas ng fact sheet na ito:

- ang proseso para sa paggawa ng isang paghahabol sa kabayaran para sa mga manggagawang may probisyonal o kumpirmadong diyagnosis na silicosis
- ang responsibilidad ng mga taga-paseguro na bayaran ang mga halaga ng kinakailangang ulat ng espesyalista sa respiratoryo, mataas na resolution na CT scan, at isang standardized na full respiratory lung function test bago ang pagpapasya ng DDMP.

## Diyagnosis na silicosis

Walang sintomas ang ilang taong nasa unang antas ng silicosis. Kung naniniwala kang nakakaranas ka ng isang karamdaman sa respiratoryo, dapat mo itong ipaalam sa iyong taga-empleyo at magpatingin kaagad sa isang manggagamot.

Sa ilalim ng mga kinakailangan ng kaligtasan at kalusugan sa trabaho (work safety and health, WSH), inaatasan ang mga taga-empleyo ng mga manggagawang nalantad sa masisinghot na crystalline silica na bayaran ang pagsubaybay sa kalusugan, na kinabibilangan ng mga halaga ng mga medikal na serbisyo at pagsusuri. Ang mga pagsusuring pagsubaybay sa kalusugan ay dapat pangasiwaan ng isang Rehistradong Medikal na Manggagamot (registered medical practitioner, RMP). Ang RMP ay isang doktor na may karanasan sa pagkakalantad sa trabaho at pagsubaybay sa kalusugan. Para sa higit pang impormasyon sa pagsubaybay sa kalusugan, tingnan ang Website ng WorkSafe.

Kung nagkagastos ka ng mga halagang nauugnay sa mga medikal na appointment at pagsusuri, dapat mong talakayin sa iyong taga-empleyo kung kinakailangan nilang bayaran ang nagastos mo sa ilalim ng mga kinakailangan ng WSH.

Hinihikayat kang gumawa ng paghahabol para sa kabayaran ng mga manggagawa sa lalong madaling panahon kung nagkaroon ka ng diyagnosis o probisyonal na diyagnosis ng silicosis sa isang manggagamot.

## Paano ang paggawa ng isang paghahabol

Kung nagkaroon ka ng diyagnosis o probisyonal na diyagnosis ng silicosis, dapat mong sundin ang mga hakbang na ito sa paggawa ng paghahabol para sa kabayaran ng mga manggagawa:

1. Kumuha ng Unang Sertipiko ng Kakayahan mula sa doktor na gumagamot sa iyo na may diyagnosis (o probisyonal na diyagnosis) ng partikular na sakit mula sa alikabok.
2. Kumpletuhin ang isang Pormularyo ng Paghahabol para sa Kabayaran sa Sakit mula sa Alikabok at Kahilingan para sa Pagpapasya ng WPI – Karaniwang Batas (makukuha sa website ng WorkCover WA).
3. Ibigay ang mga sumusunod na dokumento sa iyong taga-empleyo:
    - Unang Sertipiko ng Kakayahan
    - Isang nakumpletong Pormularyo ng Paghahabol para sa Kabayaran sa Sakit mula sa Alikabok at Kahilingan para sa Pagpapasya ng WPI – Karaniwang Batas.

Dapat ay maiparating ng taga-empleyo o tagapaseguro ng taga-empleyo ang mga dokumento sa WorkCover WA sa records@workcover.wa.gov.au sa loob ng pitong araw pagkatapos maghain sa taga-empleyo ng paghahabol para sa kabayaran sa silicosis.

May karapatan kang mabigyan ng kinatawan sa batas, o matulungan ka sa iyong paghahabol, sa kabuuan ng proseso ng kabayaran ng mga manggagawa.

## Mga obligasyon ng tagapaseguro

Kung hindi ka pa nakakakuha ng ulat ng espesyalista sa respiratoryo, kinakailangang isangguni ang iyong probisyonal na diyagnosis na silicosis sa isang espesyalista sa respiratoryo para sa karagdagang pagsusuri at kumprehensibong pagtatasa. Kinakailangan ito bago makagawa ng pagpapasya ang DDMP.

Gagawin ng tagapaseguro na:

- iparating kaagad ang iyong claim sa WorkCover WA para tumulong sa pag-iiskedyul ng DDMP para sa pagpapasya
- bayaran ang ulat ng espesyalista sa respiratoryo na nakakatugon sa mga minimum na kinakailangan sa Talahanayan 1 (kung ang manggagawa man o tagapaseguro ang pumili sa espesyalista)
- magbayad para sa isang mataas na resolution na CT scan at isang standardized na full respiratory lung function test, kung saan nakakatugon ang dalawa sa mga minimum na kinakailangan sa Talahanayan 2
- kapag natanggap ang ulat ng espesyalista sa respiratoryo at mataas na resolution na CT scan, agad na iparating ang impormasyon, kasama ang kasaysayan ng pagkakalantad sa silica sa trabaho at anupamang ebidensya, sa WorkCover WA sa records@workcover.wa.gov.au. Kung binayaran ng tagapaseguro ang ulat at/o scan at lung function test, magbibigay din sila sa iyo ng kopya.

### Talahanayan 1

| Kasama dapat sa ulat ng espesyalista sa respiratoryo ang: |
| --- |
| Mga kasalukuyang sintomas ng manggagawa |
| Kasaysayan at kaugnay na kahulugan ng pagkakalantad sa masisinghot na crystalline silica (nauugnay sa trabaho at hindi nauugnay sa trabaho) |
| Kasaysayang medikal<br>• mga kasalukuyang umiiral na sakit<br>• mga gamot sa nakaraan at kasalukuyan<br>• kasaysayan ng mga medikal na pagsisiyasat |
| Kasaysayan ng paninigarilyo |
| Diyagnosis |
| Kakayahang magtrabaho |

### Talahanayan 2

| Kinakailangan ang scan at pagsusuri: |
| --- |
| Mataas na resolution na CT scan ng dibdib (mga posisyong nakadapa (prone) at nakahiga (supine))<br>• hindi hihigit sa anim na buwan nang ginawa<br>• kopya ng ulat ng radiologist at disk |
| Standardized na full respiratory lung function test kasama ang:<br>• spirometry<br>• mga volume ng baga<br>• diffusion<br>• saturation ng oxygen<br>• mga flow volume curve. |

## Mga isinasaalang-alang ng Medikal na Panel Bago nangyari ang Sakit mula sa Alikabok

Bilang bahagi ng tungkulin nitong pang-administratibang sumuporta sa DDMP, ang WorkCover WA ay makikipag-ugnayan sa DDMP para matukoy kung may sapat na dokumentasyon para makapag-iskedyul ng pagpapasya at maaari itong humiling ng mga karagdagang medikal na pagsusuri, impormasyon, o mga dokumento. Kapag may nailista nang petsa para sa pagpapasya ng aplikasyon, posibleng maatasan ang manggagawa na pumunta sa WorkCover WA para sa isang pagsusuri ng DDMP. Kung hindi makakapunta ang manggagawa, maaaring hilingin ng manggagawa na gumawa ng pagpapasya nang wala siya. Inilalapat lamang ito sa mga limitadong sitwasyon.

## Anong mga desisyon ang ginagawa ng panel?

Sinusuri ng DDMP ang medikal na ebidensya at sinisiyasat ang manggagawang naghahabol ng kabayaran sa sakit mula sa alikabok. Ang DDMP ay gumagawa ng may bisang pagpapasya sa mga sumusunod na tanong:

- May sakit o nagkasakit ba ang manggagawa ng sakit sa trabahong may bayad na benepisyo (prescribed) na sakit mula sa alikabok (kabilang ang silicosis)?
- Wala o nawalan ba ng kakayahang magtrabaho ang manggagawa dahil sa pinsalang dulot ng sakit mula sa alikabok at, kung oo, gaano kalala ang kawalan ng kakayahan ng manggagawa na magtrabaho?
- Ano ang nasuring antas ng permanenteng kapansanan ng buong katawan na nagresulta sa pinsalang dulot ng sakit mula sa alikabok?

Ang DDMP ay maaaring humiling ng mga karagdagang medikal na pagsusuri, impormasyon, o mga dokumento bago ito magpasya. Kailangang magpasya ng DDMP sa loob ng 28 araw pagkatapos nito makuha ang lahat ng kinakailangang impormasyon at dokumento, at dapat itong magbigay ng kopya ng pagpapasya sa manggagawa, at sa taga-empleyo at tagapaseguro ng manggawagawa, sa loob ng pitong araw pagkatapos ng pagpapasya.



## Kailangan ba ng karagdagang tulong?

Tumawag sa Serbisyo sa Payo at Tulong ng WorkCover WA sa **1300 794 744** (8:30 n.u. hanggang 4:30 n.h., Lunes hanggang Biyernes)

Bisitahin ang **workcover.wa.gov.au**